Kalakip 1

Huwarang Patakaran sa Pangangalaga (Safeguarding) para sa mga Kasaping Pederasyon

Ang dokumentong ito ay dapat ihanda sa tulong ng payo at gabay ng mga lokal na organisasyong may kinalaman sa proteksyon ng mga bata at nasa hustong gulang, gayundin ng iba pang organisasyon, upang matiyak na isinasaalang-alang ng patakaran ang lokal na kultura at naaangkop dito. Ito ang pinakamainam na paraan upang makabuo ng dokumentong pinagtitibay ng Kasaping Pederasyon at nauunawaan ng mga kasapi nito at ng mas malawak na komunidad. Kailangang pagpasyahan ng Kasaping Pederasyon kung oobligahin nito ang mga kasapi nito na bumuo ng sarili nilang mga patakaran at pamamaraan, o mahigpit silang hihikayatin na gawin ito. Ang pangalan ng Kasaping Pederasyon ay dapat isulat sa pagitan ng mga panaklong na parisukat [ ] sa kabuuan ng dokumentong ito.

Talaan ng Nilalaman

1. Panimula
2. Pahayag ng Pangako at mga Prinsipyo ng Patakaran
3. Mga Kahulugan
4. Saklaw ng Patakaran
5. Pag-uulat ng mga Alalahanin
6. Flowchart ng Pag-uulat
7. Mga Kodigo ng Pag-uugali
8. Pagre-recruit
9. Pagsasanay at Edukasyon
10. Mga Pamamaraang Pandisiplina
11. Pagrepaso
12. Pagsubaybay

1 Panimula

Ang [Kasaping Pederasyon] ay may pananagutan sa pagpapaunlad ng athletics sa (Bansa) at sa paggawa nitong isang ligtas na kapaligiran kung saan maaaring linangin ng mga bata at nasa hustong gulang ang kanilang talento at makamit ang kanilang mga layunin. Ang mga karanasang ito ay dapat maging masaya at kasiya-siya. Itinatakda ng Patakarang ito sa Pangangalaga ("ang Patakarang ito") ang mga pananagutan ng [Kasaping Pederasyon] at ng mga [Club] upang matiyak na ligtas na makalalahok ang mga bata at nasa hustong gulang sa athletics.

Ang pagsunod sa Patakarang ito at ang pagtataguyod ng mga prinsipyo ng pinakamahusay na kasanayan na nakapaloob dito ay magbibigay-daan sa Kasaping Pederasyon na maglaan at lumikha ng mga kapaligirang ligtas, masaya, at nagbibigay-inspirasyon, kung saan masisiyahan at makalalahok ang mga komunidad nito sa athletics.

Ang pang-aabuso ay maaaring gawin ng mga lalaki, babae, o bata. Nangyayari ito sa bawat bahagi ng mundo at sa bawat isport at organisasyon. Walang rehiyon ang maaaring magturing sa sarili nito na ligtas o hindi tinatablan ng mga epekto nito. Nagaganap ang pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala kapag may hindi pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan sa pagitan ng mga indibidwal. Kapag nasa mas makapangyarihang posisyon ang isang tao, maaari niyang abusuhin ang posisyong iyon, at doon maaaring mangyari ang pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala. Kung mas bulnerable ang isang tao, dahil man sa edad, kapansanan, kalagayang pinansyal, o sitwasyon, mas malaki ang posibilidad na siya ay maging biktima ng pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala.

2 Pahayag ng Pangako at mga Prinsipyo ng Patakaran

Naniniwala ang [Kasaping Pederasyon] na ang bawat tao sa athletics ay dapat tratuhin nang may paggalang at dignidad, at may karapatang lumahok nang hindi napapailalim sa pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala. Poprotektahan ng [Kasaping Pederasyon] ang lahat ng taong saklaw ng Patakarang ito mula sa ganitong mga pag-uugali. Naniniwala ang [Kasaping Pederasyon] na ang karapatang ito ay umiiral anuman ang pinagmulan, kulay ng balat, edad, kapansanan, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, oryentasyong sekswal, etnikong pinagmulan, relihiyon, o paniniwala ng isang tao. Nakatuon ang [Kasaping Pederasyon] na pigilan ang pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala sa mga taong saklaw ng Patakarang ito, at lumikha ng mga ligtas na kapaligiran kung saan ang lahat ay maaaring lumahok at masiyahan sa isport ayon sa kanilang kakayahan. Pinoprotektahan ng Patakarang ito ang mga atleta, coach (kabilang ang lahat ng tauhang sumusuporta sa mga atleta), opisyal, boluntaryo, at mga miyembro ng lupon. Dapat nilang lahat na malaman ang kanilang mga karapatan gayundin ang kanilang mga tungkulin sa larangang ito.

Ang mga prinsipyong pinagbabatayan ng Patakarang ito ay ang mga sumusunod:

- Ang bawat isa ay may karapatang tratuhin nang may paggalang at dignidad at hindi madiskrimina batay sa kasarian, pinagmulan, edad, etnisidad, kakayahan, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlang pangkasarian, paniniwala, o kaugnayang panrelihiyon o pampulitika.
- Ang bawat isa ay may karapatang lumahok, masiyahan, at umunlad bilang indibidwal sa pamamagitan ng athletics sa isang ligtas at inklusibong kapaligiran, malaya sa lahat ng anyo ng pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala.
- Ang bawat isa, bata man o nasa hustong gulang, ay may karapatang mapakinggan, lalo na kapag nagpapahayag ng alalahanin tungkol sa sarili niyang kapakanan o sa kapakanan ng iba. Dapat malaman ng bawat isa kung kanino lalapit para humingi ng tulong kapag may alalahanin tungkol sa pag-uugali ng isang tao.
- Ang bawat isa ay may pananagutang alagaan at protektahan ang mga bata at gumawa ng mga desisyon para sa kanilang pinakamabuting interes, dahil ang kanilang kapakanan ang pinakamahalaga.

Para rito, ang [Kasaping Pederasyon] ay:

- ✓ kikilala na ang mga miyembro ng lupon nito ang may pananagutan sa pagpapatupad at pagpapairal ng Patakarang ito, at magtatalaga ng isang “Safeguarding Champion” upang isama ang mga prinsipyo ng Patakarang ito sa lahat ng aspeto ng mga programa nito;
- ✓ magkakaroon ng itinalagang kawani o boluntaryong mangunguna sa mga gawain sa pangangalaga, na tatawaging “Safeguarding Officer”;
- ✓ titiyakin na alam ng lahat na ang itinalagang kawani o boluntaryong ito ang taong maaari nilang lapitan kapag sila ay nag-aalala o may alalahanin tungkol sa ibang tao at sa pag-uugali nito;
- ✓ titiyakin na alam ng lahat ang kanilang mga karapatan at ang mga pamamaraang susundin kapag may ipinahayag na alalahanin;
- ✓ bubuo at magpapatupad ng mga patakaran at pamamaraan, kabilang ang mga kodigo ng pag-uugali, mga tuntunin, at mga pamamaraang pandisiplina, at ia-update ang mga ito kung kinakailangan;
- ✓ magbibigay ng suporta at gabay sa sinumang nangangailangan nito matapos magpahayag ng alalahanin o magsampa ng reklamo o paratang;
- ✓ tuturuan at sasanayin ang lahat ng kawani at boluntaryo kung paano haharapin ang mga alalahanin at reklamo;
- ✓ haharapin ang lahat ng alalahanin, paratang, at reklamo sa paraang patas, malinaw, epektibo, at napapanahon, at titiyakin na regular na naipapaalam sa mga nagrereklamo ang mga pag-unlad;
- ✓ isasagawa ang lahat ng imbestigasyon at pagdinig sa paraang tumitiyak ng angkop na antas ng pagsasarili, upang walang pagkiling sa magreresultang ulat o pagtatasa ng panganib;
- ✓ ituturing ang lahat ng impormasyong may kaugnayan sa mga alalahanin, reklamo, o paratang nang kumpidensyal (hangga't pinapayagan ng batas) at ligtas;
- ✓ magtatalaga ng mga tamang tao sa mga tamang posisyon, kawani man o boluntaryo, magsasagawa ng background check at beripikasyon ng mga reference, at titiyakin na mga angkop na tao lamang ang itatalaga;
- ✓ makikipagtulungan sa mga lokal na awtoridad, mga organisasyong hindi pampamahalaan, at mga grupo ng komunidad na nagbibigay ng suporta at gabay sa ngalan ng mga serbisyong panlipunan, upang matiyak ang kaligtasan ng lahat.

3 Mga Kahulugan

Pang-aabuso, Panliligalig, at Pagsasamantala

Inilalarawan sa ibaba ang pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala. Maaaring gawin ang mga ito ng kapwa lalaki at babae, at madalas na nangyayari kapag ang isang panig ay nasa posisyon ng awtoridad kung saan kontrolado nito ang kalagayan ng kabilang panig. Kapag sa isang ugnayan ay may awtoridad ang isang tao sa iba, maaaring lumitaw ang mga sitwasyon kung saan nagiging mas madali ang pang-aabuso. Dapat protektahan ang mga indibidwal na nasa panganib, at dapat tiyakin ng mga nasa posisyon ng awtoridad na may nakalatag na angkop na mga hakbang sa pangangalaga. Mahalaga ring maunawaan na ang mga coach, opisyal, o boluntaryo mismo ay maaari ding abusuhin ng iba.

Ang sikolohikal na pang-aabuso ay anumang hindi kanais-nais na gawain, kabilang ang paninira, pagmamaliit, pagtanggi, pagkulong, paghihiwalay, berbal na pag-atake, pagpapahiya, pananakot, o pagtrato sa isang tao na parang bata, o anumang iba pang pag-uugali na maaaring sumira sa pagkakakilanlan, dignidad, o pagpapahalaga sa sarili ng isang tao. Ang mga gawaing ito ang ubod ng karamihan sa mga anyo ng pang-aabuso; saanman ito mangyari, nangyayari rin ang sikolohikal na pang-aabuso. Madalas itong nasa anyo ng harapang pambu-bully o cyberbullying.

Ang pisikal na pang-aabuso ay anumang sinasadya o hindi kanais-nais na gawain, tulad ng pagsipa, pananakit, pagkagat, o pagpaso, na nagdudulot ng pinsala o pisikal na kapahamakan. Maaari itong kabilangan ng sapilitang pag-inom ng alak o sistematikong paggamit ng doping. Maaari rin itong maging anumang sapilitan o hindi angkop na pisikal na aktibidad, tulad ng pagsasanay na hindi angkop sa edad o pangangatawan ng atleta. Ang sapilitan o labis na pagsasanay ay maaaring hindi mapansin sa kapaligiran ng isport, dahil ang ambisyon ng mga atleta at coach, gayundin ang presyon mula sa mga kapwa, ay maaaring magtulak sa mga atleta, coach, o pareho na magpataw o magtiis ng labis na bigat ng pagsasanay at/o mga obligasyon sa kompetisyon. Ang pag-uusap sa pagitan ng mga atleta at coach na naglalayong magtakda ng napagkasunduan at makakamit na mga layunin sa pagganap ay makatutulong sa pagtukoy ng katanggap-tanggap at kayang pasaning mga hinihingi sa pagsasanay. Tungkulin ng mga coach na pigilan ang mga ambisyong maaaring sumalungat sa kalusugan at kapakanan ng atleta.

Ang sekswal na pang-aabuso ay anumang pag-uugaling sekswal ang kalikasan, may kasama man o walang pisikal na pagdikit (may penetrasyon man o wala), kung saan hindi naibigay ang pahintulot, hindi maaaring magbigay ng pahintulot, o nakuha ang pahintulot sa pamamagitan ng pamimilit o manipulasyon. Maaari itong kabilangan ng pagtingin o paggawa ng mga sekswal na larawan, panonood ng mga sekswal na gawain, paghikayat sa iba na kumilos nang hindi angkop sa sekswal na paraan, o pag-akit at paghahanda (grooming) sa isang tao bilang paghahanda sa pang-aabuso.

Ang grooming ay isang proseso (online man o harapan) kung saan ang isang tao ay bumubuo ng ugnayan sa isang atleta at hinihikayat ang atleta na magtiwala sa kanya, upang mamanipula at mapagsamantalahan niya ang atleta para sa sariling kapakinabangan. Ang grooming sa pamilya, mga tauhang sumusuporta, at mga kaibigan ng atleta ay madalas na nagdudulot na maniwala ang mga taong ito na ang gumagawa nito ay maaasahan at mapagkakatiwalaan, kaya nagkakaroon siya ng daan patungo sa atleta. Pinaniniwala ng gumagawa nito ang atleta na kailangan niyang sundin ang mga hinihingi nito sa pamamagitan ng pagmamanipula sa kanya at pagsasamantala sa ugnayan nila. Ang awtoridad ng gumagawa nito sa atleta ay ginagamit upang ihiwalay ang atleta sa mga kaibigan at kapamilyang maaaring magbabala sa kanya laban sa pagsunod sa mga hinihinging iyon.

Ang panliligalig ay hindi kanais-nais o hindi tinatanggap na pag-uugali na nakasasakit sa isang tao o nagpaparamdam sa kanya ng kahihiyan o takot. Nangyayari ang panliligalig gamit ang kapangyarihan kapag ang isang taong nasa posisyon ng awtoridad, kadalasan sa lugar ng trabaho, ay gumagamit ng awtoridad na iyon upang ligaligin ang ibang taong nasa pisikal o sikolohikal na mas mababang posisyon. Maaari itong kabilangan ng pagbubukod at hindi angkop na pagtatalaga ng gawain (masyadong kaunti, masyadong marami, o mas mababa sa katanggap-tanggap na antas), gayundin ng mapanghimasok na pag-uugali.

Ang sekswal na panliligalig ay anumang hindi kanais-nais o hindi tinatanggap na pag-uugaling sekswal ang kalikasan, berbal man, di-berbal, o pisikal. Kabilang sa mga halimbawa ng berbal na sekswal na panliligalig ang hindi kanais-nais o nakapanghihiyang matalik na mga tanong tungkol sa katawan, pananamit, o pribadong buhay ng isang tao, mga birong may sekswal na pahiwatig, at mga alok o paghingi ng sekswal na gawain nang walang pahintulot. Maaaring maiparating ang mga ito sa pamamagitan ng text message, tawag sa telepono, nakasulat na mensahe, o anumang iba pang anyo ng hindi kanais-nais na komunikasyong may sekswal na nilalaman. Kabilang sa mga di-berbal na halimbawa ang pagtitig, pagkumpas, o pagbabahagi ng mga larawang may sekswal na pahiwatig. Kabilang sa mga halimbawa ng pisikal na sekswal na panliligalig ang hindi kinakailangang pisikal na pagdikit na sekswal ang kalikasan, tulad ng pagkurot, pagtatangkang humalik, pagtapik, o paghawak.

Ang pagsasamantala ay kapag kinokontrol ng isang tao ang ibang tao at/o ang ari-arian nito para sa “pansariling pakinabang” nang walang ganap at may-kaalamang pahintulot ng taong iyon. Ang pansariling pakinabang ay maaaring sikolohikal, may kinalaman sa reputasyon, o komersyal, at itinuturing na pagsasamantala kapag ipinagbibili o ipinakikipagtawaran ang mga karapatan ng ibang tao nang walang tahasan at ganap na may-kaalamang pahintulot nito. Kabilang sa mga halimbawa sa athletics ang mapanlinlang na maling paglalahad ng edad o nasyonalidad ng atleta, mapanlinlang na pagkilos sa ngalan ng atleta, o pagkuha ng hindi makatwirang bahagi ng kita mula sa sponsorship o mga kasunduan sa pagpopondo. Maraming iba't ibang anyo ang pagsasamantala, kabilang ang sekswal na pagsasamantala, pinansyal na pagsasamantala, at pagpapapirma sa mga atleta ng pangmatagalang kontrata habang sila ay mga bata pa.

Ang pagpapabaya ay ang kabiguang magbigay ng pinakamababang antas ng pangangalaga, pisikal man o emosyonal, na nagdudulot ng pinsala, nagpapahintulot na mangyari ang pinsala, o lumilikha ng napipintong panganib ng pinsala. Karaniwan itong may kinalaman sa pangangalagang ibinibigay ng mga magulang o tagapag-alaga sa mga bata, ngunit naaangkop din ito sa ibang mga taong may tungkuling mag-alaga sa iba, tulad ng tungkulin ng isang coach o team leader sa isang atleta. Maaari itong kabilangan ng hindi pagbibigay ng sapat na tubig sa mainit na panahon, angkop na kasuotan sa malamig na panahon, sapat na pagkain, matutuluyan, o ligtas na kaayusan sa paglalakbay.

Ang pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala ay maaaring nakabatay sa pinagmulan, relihiyon, kulay ng balat, paniniwala, etnikong pinagmulan, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian, oryentasyong sekswal, edad, kapansanan, katayuang sosyo-ekonomiko, kakayahang pang-isport, o anumang kombinasyon ng mga katangiang ito. Maaari itong isang hiwalay na pangyayari o serye ng mga pangyayari, harapan man o online, at maaaring sinasadya, hindi hiniling, o sapilitan. Ang pambu-bully, pagpapahiya, at pagpapabaya ay pawang iba pang aspeto ng panliligalig, pang-aabuso, o pagsasamantala at dapat harapin sa parehong paraan alinsunod sa mga probisyon ng Patakarang ito.

Anumang anyo ng pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala ay maaaring may kasamang elemento ng pinansyal na pang-aabuso. Maaaring pilitin ang isang tao na pumirma sa mga kontrata o kasunduang nagbibigay ng pinansyal na pakinabang sa iba ngunit hindi tiyak na kapaki-pakinabang sa kanya sa pinansyal na aspeto. Anumang elemento ng pamimilit ay maaaring ituring na pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala kung ang tao ay bata, kung hindi siya nagbigay ng awtorisasyon sa sinuman na kumilos para sa kanya, o kung hindi siya sapat na napayuhan ng isang independiyenteng propesyonal, tulad ng accountant o abogado, tungkol sa epekto ng mga tuntunin ng kasunduan.

Kung minsan, ang ilang gawain ay maaaring hindi mapang-abuso para sa isang tao, ngunit maaaring maging mapang-abuso o nakapipinsala dahil sa pagiging bulnerable ng taong dumaranas nito. Maaaring dahil ito sa edad ng tao, sa kanyang mga kakayahan, o sa anumang iba pang anyo ng pagiging bulnerable.

Ang pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala ay madalas na bunga ng pang-aabuso sa kapangyarihan ng isang taong nasa posisyon ng tiwala, ibig sabihin, ang maling paggamit ng kapangyarihan ng isang taong nasa posisyon ng impluwensya, lakas, o awtoridad laban sa ibang tao. Madalas itong nangyayari kapag may pagkakaiba sa edad, ngunit maaari rin itong mangyari sa pagitan ng magkakapantay, ibig sabihin, mga taong halos magkasing-edad. Maaaring mangyari ang pang-aabuso sa pagitan ng mga atleta, o maging sa pagitan ng mga coach, opisyal, o sinumang iba pang may kaugnayan sa athletics. Tinatawag ito kung minsan na pang-aabuso sa pagitan ng magkakapantay, at dapat itong harapin sa parehong paraan tulad ng anumang iba pang

uri ng alalahanin. Maaari ding gawin ang pang-aabuso ng mga kapamilya, tulad ng mga magulang, asawa o kapareha, at mga kapatid.

> **Bata:** ang mga terminong “bata” o “mga bata” ay tumutukoy sa isang indibidwal o grupo ng mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang.

> **Ang pangangalaga (safeguarding)** ay ang proseso ng pagprotekta sa mga taong nasa panganib, bata man o nasa hustong gulang, mula sa pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala. Ang paglikha ng isang ligtas at magiliw na kapaligiran kung saan ang lahat ay tinatrato nang may paggalang at dignidad ang puso ng pangangalaga. Ang bawat taong kasangkot sa athletics ay may papel sa aktibong pagtiyak na napipigilan ang pang-aabuso, panliligalig, at pagsasamantala, na napakikinggan ang mga salaysay ng mga bata at nasa hustong gulang tungkol sa kanilang mga karanasan, at na kapag may problema, may ligtas at buong pagtugon.

4 Saklaw ng Patakaran

Ang Patakarang ito ay sumasaklaw sa [Kasaping Pederasyon] at sa mga atleta, opisyal, kawani nito, at sa sinumang iba pang may kaugnayan sa [Kasaping Pederasyon]. Kabilang dito ang mga opisyal, boluntaryo, mga miyembro ng support team ng mga atleta, mga magulang, tagapag-alaga, at sinumang may kaugnayan sa athletics sa [bansa kung saan matatagpuan ang Kasaping Pederasyon]. Ang lahat ng taong saklaw ng Patakarang ito ay dapat sumunod dito. Ang anumang paglabag sa Patakarang ito ng mga nabanggit na indibidwal ay maaaring patawan ng aksyong pandisiplina.

5 Pag-uulat ng mga Alalahanin


Ang bawat isa ay may pananagutang tiyakin na walang sinumang napapailalim sa pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala. Kaya kung may naghihinala na ang isang bata o nasa hustong gulang ay dumaranas ng pang-aabuso, panliligalig, o pagsasamantala sa anumang paraan, o may alalahanin tungkol sa pag-uugali ng ibang tao, dapat iulat ang mga alalahaning iyon sa Safeguarding Officer ng [Kasaping Pederasyon] upang masuri at maayos na maharap ang usapin. Maaari ding kailanganin ang paglahok ng pulisya o mga serbisyong panlipunan; gagawin ito ng Safeguarding Officer ng [Kasaping Pederasyon] at siya ang mag-uugnay sa mga kinakailangang hakbang.

Kung ang isang tao ay nasa agarang panganib ng malubhang pinsala, hindi dapat maantala ang pag-uulat ng usapin sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Sa ilang pagkakataon, kailangang makuha ang pahintulot ng tao bago iulat ang usapin, isinasaalang-alang ang kanyang edad at kakayahang pangkaisipan. Nagkakaiba ang kakayahang magbigay ng pahintulot sa pagitan ng batang wala pang 12 taong gulang at batang nasa pagitan ng 12 at 18 taong gulang, gayundin sa pagitan ng bata at nasa hustong gulang. Kung tumanggi ang tao na magbigay ng pahintulot, maaaring manatili pa rin ang tungkuling iulat ang usapin. [Maaaring ito ay isang bagay na sakop ng lokal na batas o mga pamamaraan at dapat isama sa Patakarang ito].

Ang mga alalahanin, paratang, at iba pang usaping iniulat sa [Kasaping Pederasyon] ay dapat imbestigahan ng isang taong walang anumang kaugnayan sa usapin. Hindi kailangang ganap na independiyente sa [Kasaping Pederasyon] ang imbestigador kung ang usapin ay may kinalaman sa isang “mababang antas na alalahanin”. Kung mas malubha ang alalahanin o paratang, mas kailangang independiyente sa [Kasaping Pederasyon] ang taong nag-iimbestiga nito. Kung isinangguni sa pulisya ang mga alalahanin, ang pulisya ang magsasagawa ng imbestigasyon. Anumang imbestigasyon ng [Kasaping Pederasyon] sa malulubhang alalahanin ay dapat isagawa ng isang taong walang kaugnayan sa [Kasaping Pederasyon] at kinontrata upang magsagawa ng imbestigasyon, upang matiyak na ito ay isasagawa nang walang pagkiling, nang may kakayahan, at sa lalong madaling panahon.

6 Flowchart ng Pag-uulat

[Ito ay isang pangkalahatang flowchart na kailangang iangkop upang isaalang-alang ang mga lokal na pamamaraan.]



7 Mga Kodigo ng Pag-uugali

Dapat magkaroon ang Kasaping Pederasyon ng mga kodigo ng pag-uugali para sa mga kawani, ehekutibo, at sinumang iba pang kasangkot sa pamamahala ng organisasyon. Dapat din nitong isaalang-alang ang iba pang grupo, tulad ng mga coach, atleta, tauhang medikal na sumusuporta, opisyal, at mga coordinator ng event. Ang mga kodigong ito ay maaaring tiyak o pangkalahatan ayon sa pangangailangan, basta't alam ng mga nabanggit na grupo ang mga kodigo at hinihilingan silang kumpirmahin ang kanilang pangakong sundin ang mga ito.

Ang [Kasaping Pederasyon] ay may mga sumusunod na kodigo ng pag-uugali:

- Mga kodigo para sa mga coach
- Mga kodigo para sa mga atleta
- [Anumang iba pang kodigo na napagpasyahang buuin ng [Kasaping Pederasyon]]

Ang lahat ng nabanggit na kodigo ng pag-uugali ay nakasentro sa pagtrato sa iba nang may paggalang, pagkakapantay-pantay, katarungan, at dignidad, at nakabatay sa prinsipyong ang bawat tao ay may halaga at karapat-dapat igalang. Layunin ng mga ito na ipaalam sa lahat ng may kaugnayan sa athletics ang pag-uugaling inaasahan ng [Kasaping Pederasyon] mula sa kanila. Ang mga tuntuning ito ay dapat maging bahagi ng anumang programa ng pagsasanay para sa mga grupong ito, upang matiyak na alam ng lahat ang pagkakaroon ng mga tuntuning ito, ang mga inaasahan ng [Kasaping Pederasyon], at ang posibilidad ng aksyong pandisiplina kung hindi susundin ang mga ito. Ang mga kodigo ay binuo matapos ang konsultasyon sa mga kinauukulang grupo at regular na rerepasuhin.

Ang mga kodigo ng pag-uugali ay ibibigay sa mga kinauukulang grupo at ipapaskil sa anumang bulletin board o website, o isasama sa anumang nakasulat na dokumento, tulad ng mga form sa pag-renew ng pagiging kasapi.

Kung malaman ng isang tao na lumalabag ang ibang tao sa mga kaugnay na kodigo ng pag-uugali, dapat itong isangguni sa Safeguarding Officer bilang isang alalahanin para sa imbestigasyon at posibleng aksyong pandisiplina. Ang mga paglabag sa alinman sa mga kodigo ng pag-uugali ay maaaring harapin sa ilalim ng mga pamamaraang pandisiplina kung walang tiyak na tuntunin sa pangangalaga na ginagamit ang [Kasaping Pederasyon].

8 Pagre-recruit

Ang lahat ng aplikante, bilang kawani man o boluntaryo, para sa anumang tungkuling nangangailangan ng malapit na pakikipagtrabaho sa mga bata ay kailangang sumailalim sa background check o pagsusuri ng rekord kriminal. Ang lahat ng aplikante ay kailangang dumalo sa isang panayam at magbigay ng dalawang reference, at dadalo sa isang orientation session kapag naitalaga na. Kabilang sa panayam ang mga tanong tungkol sa aplikante at sa kanyang karanasan, gayundin sa kanyang kaalaman sa pangangalaga. Beberipikahin ang mga reference; ang isa ay dapat kasalukuyan o dating employer, at ang isa naman ay taong nakaaalam sa trabaho ng aplikante kasama ang mga bata o sa larangan ng isport. Titiyakin ng mga orientation session na pamilyar ang napiling aplikante sa kanyang tungkulin at mga pananagutan at may impormasyon tungkol sa patakaran at mga pamamaraan sa pangangalaga.

9 Pagsasanay at Edukasyon

Ang lahat ng kawani, boluntaryo, at opisyal ng [Kasaping Pederasyon] ay tatanggap ng pagsasanay sa pangangalaga na naaangkop sa kanilang tungkulin sa loob ng organisasyon. Ang mga nagtatrabaho kasama ang mga bata ay bibigyan ng espesyal na pagsasanay na partikular na may kinalaman sa kanilang mga pananagutan sa mga batang nasa kanilang pangangalaga.

Ang pagsasanay sa pangangalaga ay dapat isagawa nang regular [hindi bababa sa isang beses kada taon o kada dalawang taon].

10 Mga Pamamaraang Pandisiplina

Ang mga paglabag sa Patakarang ito at sa mga tuntunin sa pangangalaga ng [Kasaping Pederasyon] ay haharapin sa ilalim ng mga pamamaraang pandisiplina ng [Kasaping Pederasyon], na dapat konsultahin para sa karagdagang gabay.

11 Pagrepaso sa Patakarang Ito

Ang Patakarang ito ay rerepasuhin taun-taon.

12 Pagsubaybay

Ang Patakarang ito at ang pagpapatupad nito ay regular na susubaybayan, ayon sa naaangkop, ng [Kasaping Pederasyon] o ng isang independiyenteng awtoridad sa pangangalaga na may kinakailangang kadalubhasaan upang gampanan ang gawaing ito.